At hindi ba gumawa na si Allāh para sa inyo ng ipangkakawanggawa ninyo? Tunay na sa bawat tasbīḥah ay may kawanggawa, sa bawat takbīrah ay may kawanggawa, sa bawat taḥmīdah ay may kawanggawa, at sa bawat tahlīlah ay may kawanggawa. Ang isang pag-uutos ng nakabubuti ay kawanggawa at ang isang pagsaway sa nakasasama ay kawanggawa. Sa pakikipagtalik ng isa sa inyo [sa maybahay] ay may kawanggawa

Ayon kay Abū Dharr (malugod si Allāh sa kanya): {May mga taong kabilang sa mga Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Sugo ni Allāh, nakakuha ang mga may mga salapi ng mga pabuya. Nagdarasal sila kung paanong nagdarasal kami. Nag-aayuno sila kung paanong nag-aayuno kami. Nagkakawanggawa sila ng mga kalabisan ng mga yaman nila." Nagsabi siya: "At hindi ba gumawa na si Allāh para sa inyo ng ipangkakawanggawa ninyo? Tunay na sa bawat tasbīḥah ay may kawanggawa, sa bawat takbīrah ay may kawanggawa, sa bawat taḥmīdah ay may kawanggawa, at sa bawat tahlīlah ay may kawanggawa. Ang isang pag-uutos ng nakabubuti ay kawanggawa at ang isang pagsaway sa nakasasama ay kawanggawa. Sa pakikipagtalik ng isa sa inyo [sa maybahay] ay may kawanggawa." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, tutugon ba ang isa sa amin sa pagnanasa niya at magkakaroon siya dahil doon ng isang pabuya?" Nagsabi siya: "Naniwala ba kayo na kung sakaling naglagay siya nito sa isang bawal, magkakaroon ba siya roon ng isang kasalanan?" Nagsabi sila: "Opo." Nagsabi siya: "Kaya gayon din kapag naglagay siya nito sa ipinahihintulot, magkakaroon siya ng pabuya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Dumaing ang ilan sa mga maralita sa mga Kasamahan ng kalagayan nila at karalitaan nila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ng kawalan ng pagkakawanggawa nila sa pamamagitan ng mga yaman upang magtamo sila ng maraming pabuya [ni Allāh] kung paanong nagtatamo ng mga ito ang mga kapatid nilang mga may maraming yaman at upang makagawa sila ng kabutihan tulad ng mga iyon yayamang nagdarasal ang mga iyon kung paanong nagdarasal sila, nag-aayuno ang mga iyon kung paanong nag-aayuno sila, at nagkakawanggawa ang mga iyon ng mga kalabisan sa mga yaman ng mga iyon samantalang hindi sila nakapagkakawanggawa! Kaya gumabay sa kanila ang Propeta (basbasan siya ni

Allāh at pangalagaan) ng makakakaya nila na mga kawanggawa sapagkat nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "At hindi ba gumawa na si Allāh para sa inyo ng ipangkakawanggawa ninyo sa mga sarili ninyo? Tunay na ang bawat pagsabi ninyo ng tasbīḥah: "Subḥānallah - (Kaluwalhatian kay Allāh)" ay magkakaroon kayo ng pabuya ng kawanggawa; at gayon din, ang pagsabi ng takbīrah: "Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila)" ay kawanggawa, ng pagsabi ng taḥmīdah: "Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh)" ay kawanggawa, ang pagsabi ng tahlīlah: "Lā ilāha -illa -llāh (Walang Diyos kundi si Allāh)" ay kawanggawa, ang pag-uutos ng nakabubuti ay kawanggawa, at ang pagsaway sa nakasasama ay kawanggawa; bagkus sa pakikipagtalik ng isa sa inyo sa maybahay niya ay may kawanggawa." Kaya nagulat sila at nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tutugon ba ang isa sa amin sa pagnanasa niya at magkakaroon siya dahil doon ng isang pabuya?" Nagsabi siya: "Naniwala ba kayo na kung sakaling naglagay siya nito sa isang bawal gaya ng pangangalunya o iba pa rito, magkakaroon ba siya roon dahil dito ng isang kasalanan? Kaya gayon din, kapag naglagay siya nito sa ipinahihintulot, magkakaroon siya ng pabuya."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4558